



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG BUHAY NA ITO AT ANG PAGSAMBA

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Pasalamatan natin ang Allah tayo'y ginawa niyang mga Muslim, sapagkat pag hindi tayo ay kaawa-awa. Itong mga salita na kapag iyong sasabihin magiging muslim ka ay "La Ilaha Illallah, Muhammadun Rasulullah." Pagkatapos ng iyon ay magtratabaho ka na ng dadalhin mo sa Akhira at para sa Mundo.

Ngayon may mga tao na gusto lang magtrabaho para sa kanilang Akhira. Iyon ay mabuti subalit ang pagtratabaho din para sa mundo, ang pag-aalaga ng iyong pamilya ay isang Ibadah. Ang paghanap ng trabaho, pag-alaga ng pamilya at pagpapalaki ng iyong anak bilang mabuting tao ay isang malaking ibadah.

Pagkatapos nito, binigyan tayo ng Allah n iba't ibang pintuan para sa Akhira. Magagandang mga bagay. Ang pagSalah ay isa doon at di ito nakakaabala sapagkat kahit ang Fajr o Zuhr ay di umaabot ng 15 minuto sa pagsasagawa.

Mayroon ring mga Tasbih, mas mabuti kapag ito'y iyong magagawa. Nilagay lahat ito ng Allah sa tamang ayos. Maaari mong alagaan ang kailangan mo sa mundo at paghandaan ang Akhira. Kapag nagagawa mo ang dalawang iyon, mabibilang ka sa mga taong lagging nasa loob ng Ibadah. Mabibilang ka sa mga nag-Ibadah sa Allah panghabang buhay. Makukuha mo ang mundo at akhira.

Hindi tayo binigyan ng pagsubok ng Allah azza wa jalla na di natin kakayanin. May mga taong nagsasabi "bakit ka nag-Ibadah masyado?" Ang kanilang problema ay puno sila ng pagka-inggit. Sinasabi nila na "ang dami ng kanilang ginawa, mas mabuti sila sa atin" tapos kanilang sasabihin na mali ang kanilang ginagawa sa Ibadah. Bigyan natin sila ng babala at wag making sa kanila.

Ang mga anak ng Adam ay talagang nasa kamay ng Shaitan, wala siyang pagod sa mga gawain sa mundo pero pagdating sa Salah sasabihin niyang “Di ko kaya”. Kahit iyong sabihin na magsimula ka sa 2 rakaat mula, mahihirap pa rin siya. Ang pagiging Tamad ay mula sa Shaitan. Ang pagiging matiyaga at masigasig ay kailangan ng mga Awliya at Mu'min.

Ang kanilang paghihirap ay para sa akhira dahil sandal lang sila sa mundo. Ganoon sila sa pagmamadali gumawa ng Ibadah sapagkat ang 100 taon ay parang wala lang, napakaikli nito.

May mga taong walang Iman mula na mula sa pagkabata nababagot na. Sinasabi nilang “Ano ang ating gagawin dito sa Mundo?” Ang mga ganitong walang Iman ay tinatapon lang ang kanilang sarili, sila ay nagpapatiwakal, mga ganoong bagay. Ang taong may Iman, kaniyang tinitignan ang Buhay bilang maikli lamang kahit gaano man ito katagal. Ginagawa niya ang lahat para makagawa ng kabutihan sa kaniyang sarili at sa Ummah. Nawa'y gawin tayo ng Allah mula sa kanila In Sha Allah. Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
7 December 2016/7 Rabiul Awwal 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

6. Saints

7. Believers